



Payo ng DCJ: Mga pagbabakuna laban sa COVID-19 para sa mga bata at kabataan na nasa pangangalaga sa labas ng bahay (out-of-home care)

Setyembre 2021

Bakit sadyang mahalaga sa panahon ng pandemyang COVID-19 ang kalusugan ng mga bata at kabataan na nasa pangangalaga sa labas ng bahay (out-of-home care)?

Ang mga bata at kabataan na nasa pangangalaga ay may mas mataas na mga pangangailangang pangkalusugang pisikal, pag-unlad, emosyonal at pang-kaisipan kumpara sa kanilang mga kasabayan na nasa pangkalahatang komunidad.

Ang naragdang mga pangangailangang pangkalusugan na ito ay nagpapahina sa mga bata at kabataan na nasa pangangalaga sa labas ng bahay upang labanan ang mga epekto ng COVID-19. Ang pagpapabakuna ay binabawasan nang malaki ang tiyansa ng malubhang pagkakasakit sa COVID-19 at tumutulong na mapanatiling ligtas ang mga pamilya at komunidad.

Sa panahong ito sadyang mahalaga na ang mga manggagawang pangkalusugan, caseworker at tagapag-alaga ay nagtutulungan upang matiyak na ang mga pangangailangang pangkalusugan ng mga bata at kabataan ay patuloy na natutukoy at natutugunan.

Paano ako magpapa-iskedyul ng appointment para sa pagpapabakuna?

Ang mga appointment ay maaaring i-book sa pamamagitan ng isang General Practitioner (GP), Aboriginal Medical Service o sa sentro ng Bakunahan sa NSW Health. Para mag-book ng pagpapabakuna sa pamamagitan ng sentro ng Bakunahan sa NSW Health, pumunta sa healthdirect.gov.au at kumpletuhin ang pagsusuri sa pagiging [marapat](#) sa bakuna, at pagkatapos ay magpatuloy sa pag-book.

Ang mga suplay ng bakunang Pfizer ay maaaring limitado sa inyong lugar kaya maaaring paghintayin ka para sa isang appointment. Maraming bakuna ang makukuha araw-araw kaya't laging tingnan kung mayroon na.

Pansamantalang inaprubahan ng Therapeutic Goods Administration (TGA) ang bakunang Moderna para magamit sa mga taong may edad na 12 taon pataas at maaari itong magamit sa malapit na hinaharap. Mangyaring tingnan ang website ng NSW Health para sa pinakabagong balita tungkol Cordova paglulunsad nito sa NSW.

Kung kailangan mo ng karagdang payo maaari kang makipag-ugnay sa GP ng bata upang talakayin ang anumang mga katanungan na nauugnay sa kaniyang mga kondisyong medikal at kalusugan.

Paano ako makakakuha ng suporta sa prosesong ito?

Susuportahan ng iyong caseworker ang mga mararapat na bata at kabataan para mabakunahan. Kausapin ang caseworker ng bata o kabataan kung mayroon kang anumang mga alalahanin tungkol sa pagbabakuna ng mga bata sa iyong pangangalaga. Masusuportahan ka ng iyong caseworker kapag nakikipag-usap sa bata tungkol sa bakuna, pag-book ng appointment, at pagpunta sa appointment kung kinakailangan.

Pahintulot sa pagbabakuna

Kung ang bata o kabataan ay may hustong pag-iisip para gumawa ng kaniyang sariling mga desisyon hinggil sa kaniyang medikal na paggamot, maaari siyang magbigay ng kaniyang sariling pahintulot para mabakunahan. Madalas na ang ganitong mga pagkakataon ay nagsisimula sa 14 na taong gulang, ngunit dapat itong suriin ayon sa bawat indibidwal.



Payo ng DCJ: Mga pagbabakuna laban sa COVID-19 para sa mga bata at kabataan na nasa pangangalaga sa labas ng bahay (out-of-home care)

Setyembre 2021

Kung sa palagay mo, ang bata na nasa iyong pangangalaga ay maaaring sumang-ayon sa bakuna, kausapin ang iyong doktor. Tutulong siyang masuri kung ang bata na nasa iyong pangangalaga ay may kakayahang sumang-ayon sa kaniyang sariling paggamot, kabilang ang pagpapabakuna.

Para sa mga bata na nasa pangangalaga sa labas ng bahay na hindi makasang-ayon sa kanilang sariling pagpapabakuna, ang mga tagapag-alaga at guardian ay maaaring magpahintulot para sa kanila.

Mangyaring tandaan, ang ilang mga serbisyo sa pagbabakuna sa NSW Health ay maaaring hilingin sa mga taong wala pang 16 taong gulang na samahan ng isang tagapag-alaga o guardian sa appointment para magbigay ng pahintulot. Mayroong ginagawang paraan upang maibigay ang pahintulot sa online. Samantala, ang mga tagapag-alaga ay maaaring dumalo sa mga appointment kasama ang mga bata upang tumulong sa pagbibigay ng pahintulot. Dapat igalang ng mga tagapag-alaga at caseworker ang mga kagustuhan ng mga bata na may kakayahang magbigay ng pahintulot.

Paano kung ang bata na nasa pangangalaga ko ay hindi nagbigay ng pahintulot?

Kausapin ang bata o kabataan na nasa iyong pangangalaga tungkol sa bakuna at kung ano ang mangyayari sa proseso ng pagbabakuna. Pag-usapan ninyo ang pagbabakuna sa paraang mauunawaan ng bata o kabataan. Ipaalam sa kaniya na ang bakuna ay isang uri ng gamot na makakatulong sa mga tao na labanan ang virus sakaling magkaroon sila ng contact dito at maaari nitong pigilan ang mga tao na magkasakit mula sa virus. Hindi mo maaaring piliting magpabakuna ang isang bata o kabataan, ngunit maaari mong gawin ang iyong makakaya upang mapag-usapan ninyo ang anumang mga alalahanin niya.

Paano kung ang bata na nasa pangangalaga ko ay may malalang kondisyon sa kalusugan?

Lahat ng mga bata at kabataan na nasa pangangalaga sa labas ng bahay bilang pagsunod sa ipinag-uutos ng batas ay tumatanggap ng Plano sa Pamamahala ng Kalusugan (Health Management Plan) na nagtatala ng mga pagtatasa na kanilang natanggap at mga serbisyong pangkalusugan na kailangan nila. Ang Plano sa Pamamahala ng Kalusugan ay dapat sundin hangga't maaari sa panahon ng pandemyang COVID-19 upang matiyak na natutugunan ang mga pangangailang pangkalusugan ng mga bata at kabataan.

Ang mga bata at kabataan na may malalang kondisyon sa kalusugan na tulad ng diyabetis, hika, mga abnormalidad sa puso o malnutrisyon at gayundin ang mga mahihina ang naturalesa (compromised immune system) ay mas nanganganib na maapektuhan ng COVID-19 kaysa sa iba.

Maaari kang humingi ng payo mula sa [Out-of-Home Care Health Coordinator](#) o mula sa mga indibidwal na manggagawang pangkalusugan tungkol sa paraan ng pagkakaloob ng partikular na mga serbisyong pangkalusugan sa panahon ng pandemyang COVID-19.

Mayroon akong iba pang mga anak sa bahay, marapat ba silang bakunahan?

Ang iba pang mga bata sa iyong pangangalaga at ang iba pang mga miyembro ng iyong sambahayan ay maaaring marapat din. Mula sa ika-13 ng Setyembre, lahat ng mga batang 12 taong gulang pataas ay magiging marapat bakunahan. Maaari mong pag-isipang mabakunahan nang sabay-sabay ang iyong sarili at ang mga miyembro ng iyong sambahayan.



Payo ng DCJ: Mga pagbabakuna laban sa COVID-19 para sa mga bata at kabataan na nasa pangangalaga sa labas ng bahay (out-of-home care)

Setyembre 2021

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa bakuna:

Makipag-ugnay sa GP ng bata upang talakayin ang pagbibigay ng bakuna at mga impormasyon na kaugnay sa bakuna. Kung nais mong talakayin ang anumang iba pang mga alalahanin, mangyaring makipag-ugnay sa iyong caseworker.

Dinoble ng Pamahalaang Australya ang insentiba sa bulk billing (*bulk billing incentive*) ng mga GP para sa harapan at serbisyong telehealth bilang tugon sa COVID-19. Ang karagdagang impormasyon tungkol dito ay makukuha sa [Australian Government Department of Health website](#). Makakatulong ito upang matiyak na ang mga bata at kabataan ay mabibigyan ng libre, napapanahon at naaangkop na access sa mahahalagang mga pangunahing serbisyo sa kalusugan.

Mga magagamit na link

- [Bakunang pangkalusugan 'Totoo ba ito?' pahina ng FAQ \(Mga Madalas Itanong\)](#)
- [Impormasyon ng NSW Health tungkol sa kaligtasan ng bakuna, mga side effect at bisa nito](#)
- [Impormasyon ng NSW Health tungkol sa bakuna sa iba't ibang mga wika](#)